G

Kiyo

Sabi sakin ng matatanda nung akoy bata pa
Nagmana daw ako sa aking tatay
Di ko lang alam kase di ko pa sya nakita
Natutunan mga bagay kahit 'di nya ko sinanay

Sikap para sa tinapay, araw-araw bagong silang
Kita saking palad, sama-sama kung gumapang
Kasangga ko ay walang iba kundi sarili ko
Alam ng salamin kung ano ang pangako ko

Saking sarili, gusto kong lumipad
Aking ipilit, gusto kong sumigaw
Daming gustong sabihin, pero wag nalang
Pero wag nalang, pero wag nalang

Gusto ko maklabay
Gusto ko tumakbo papalayo sa lahat
Gusto ko mamatay
Pero bawal pa, si ina'y malulumbay

Tagal ng Friday night, gusto ko na malaman
Kung may bagong episode, ang aking inaabangan
Oh kaya naman, tumambay maglakad, kung
Saan man ako dalhin ng mga paa ko sa lansangan

Ako'y isang halaman, ako'y isang halaman

Bigyan mo ako ng oras, hayaan mag-isa
Hindi maganda ang bukas kung iyong ididikta
Sa akin ay gusto kong ipinta
Kung ano ang buhay at mga kulay ayon sa akin nakikita

Kaya kung may problema bahala ka na dyan
Ayoko mag-isip pwedeng bukas nalang yan

Kasi wala na kong pake
Wala na kong pake, wala na kong pake, wala na akong pake

There ain't no day, that I won't live my way
Come what may, Come what may
Let me and my music drift away

Hindi araw araw masaya
Kaya kung gusto mo malungkot tayong dalawa
Halika't sumama ka
Sabay natin silipin panibago na umaga

Hindi araw araw masaya
Lumayoooo na munaaaa

Hindi araw araw masaya
Lumayoooo na munaaaa

Tištěno z pisnicky-akordy.cz

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!